

BAGONG BARANGAY HALL NG BARANGAY MASLUN, PINASINAYAAN!



Laguna - Nagkaroon ng blessing at ribbon cutting para sa pormal na pagbubukas sa publiko ng bagong Barangay Hall ng Barangay Maslun, Liliw, Laguna, noong, ika -16 ng Agosto, 2024.

Pinangunahan ni Laguna 3rd District Representative Loreto "Amben" Amante, Mayor Ildefonso Monleon, Sangguniang Barangay sa pamumuno ni Brgy. Captain Hedeliza Monfero at ng Sangguniang Kabataan ang isinagawang inagurasyon

na dinaluhan din ng mga kawani ng munispyo at mga mamamayan ng naturang barangay.

Ang bagong gusali ay naging posible dahil sa inisayatibo ni Congressman Amben Amante at sa tulong na rin ni House speaker Martin Romualdez. Hinikayat ng kogresista na alagaan at mahalin ang bagong gusali dahil isa sa mga kagustuhan niya ay mapasaya at mas patuloy na gumanda ang serbisyo ng Barangay Maslun sa mga

nasasakupan nito.

Lubos na pinsalamatan ng Punong Barangay Hedeliza Monfero kasama ang Maslun Barangay Council ang dedikasyon at suporta na ipinapakita ng kogresista upang patuloy na makatulong sa pag-unlad ng barangay.

Nakasama rin sa programa si Vice Mayor Eric Sulibit, ilang konsehal ng bayan ng Liliw, mga kapitan ng ibang barangay, at ang 3rd District DPWH Engineer Napoleon Abril. (Shekinah Pamatmat)

CMDI Recognizes the President Commissioner of FDS Indonesia as Honorary Dean



Pak Otto Toto Sugiri, the President Commissioner of Fortress Data Services in Indonesia gave his inspirational message to the academic year 2023-2024 graduates of CMDI Bay Campus.

The CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc. awarded Pak Otto Toto Sugiri, the President Commissioner of Fortress Data Services (FDS) Indonesia, as the "Honorary Dean" of Information and Communications

Technology in its Sixth Commencement Exercise at the CMDI Gymnasium in Brgy. Tranca, Bay, Laguna, on July 26, 2024.

The award serves as recognition for his important role as a leader and a teacher, pushing through innovative technology not just in Indonesia but around the world.

Pak Toto started as an IT general manager at Bank Bali in 1983. He also established PT Sigma Cipta Caraka in 1989 and PT Indointernet Tbk in 1994. From 2012 to 2016, he became the President Commissioner of PT DCI Indonesia Tbk, and from

2016 until now, he has been its

President Director. Aside from that, he was also the mentor for the new technopreneurs in Indonesia, demonstrating his expertise in IT.

Pak Otto also served as the CMDI graduation's guest speaker. He shared three key lessons with the graduates of CMDI Bay: first, to be a good person and add value to the people around you to create positive change; second, to embrace failures and challenges as learning experiences; and third, to dream and think big and never settle for something small. According to

CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, the award given to Pak Toto was very relevant and timely due to his significant contribution to CARD MRI.

"The CARD MRI and FDS collaboration has built a bridge for innovative technologies to become more accessible for clients and staff. I believe that the life and career of Pak Toto will inspire graduates to create a better and stronger future," he said.

To learn more about CMDI, their training programs, and academic courses, visit their website page at <https://cmdi.edu.ph/>.



DERETSAHAN

WEEKLY PUBLISHING

The paper that stand for real values and gives you real value for money

Vol. I - Series 05 - Aug. 18-24, 2024


Page 2 Pormal na Idineklara Bilang Stable Internal Peace and Security



As early as 8AM, nagtungo tayo sa Brgy. Punta para ihatid ang kanilang bagong Ambulance Mobile Patrol at 500k financial grant. Isang hakbang ito sa pagpapatibay ng kaligtasan at serbisyong pangkalusugan sa kanilang barangay.

Syempre, binalita na rin natin sa kanila ang magandang balita: aprubado na ang konstruksyon ng kanilang bagong Barangay Hall na nagkakahalaga ng 10 million pesos para sa Phase 1. Isa na namang patunay na sa Ramdam na Reporma, tuloy-tuloy ang progreso at pagbabago para sa ating mga barangay. (Nelson Dimapilis/COG)

ICRC, Nagsagawa ng International Humanitarian Law Dissemination Session para sa 74th Infantry Battalion sa Northern Samar



Tuloy-tuloy na paggulong ng programang pamimigay ng bagong Barangay Mobile sa bawat barangay ng Lungsod ng Calamba!

Ibinigay kanina sa Brgy. Camaligan at Brgy. Puting Lupa ang mga bagong Traviz bilang parte ng programa na pamimigay ng Barangay Transport Vehicles sa bawat barangay sa Lungsod ng Calamba.

Kasama si Papa P bilang ABC Chairman sa pagkakaloob ng mga Traviz (Nelson Dimapilis)

Editoryal WALK IN MECHANICAL TRANSPLANTER, ISANG PARAAN PARA MAPABILIS ANG PAG AANI NG MGA MAGSASAKA

Ayon sa opisyal na pahayag ng Phil-Rice, kailangang mapataas ang ani kada ektarya at mapaliit ang gastos ng mga magsasaka upang maging competitive.

Inaasahang magiging competitive ang mga magsasaka sa pamamagitan ng paggamit ng mataas na kalidad ng binhi tulad ng hybrid at mga certified inbred seeds. Kailangan din ng tamang crop management practices tulad na paglalagay ng akmang dami ng pataba sa tamang panahon pati na ang tamang pamamahala ng peste upang matamo ang mataas na ani. Magagamit natin dito ang Rice Crop Manager, isang application na na-develop ng DA, PhilRice, at IRR1.

Upang mapababa naman ang gastos, kailangan ang mekanisasyon. Ayon sa pag-aaral, labor ang pinakasanhi ng mataas na gastos sa ating pagsasaka kumpara sa ibang mga kalapit-bansa. Makatutulong dito ang paggamit ng combine harvester, mechanical transplanter, at iba pang labor-saving techniques.

Ginagawa ng DA na maging accessible sa ating mga magsasaka ang mga teknolohiyang ito sa pamamagitan ng Production Loan Easy Access (PLEA).

Makakatulong naman sa pagpapababa ng marketing cost kung ang mga organisadong grupo ng magsasaka ay matututo na ring sumali sa pagnenegosyo ng bigas. Sa pamamagitan nito, mapaiikli natin ang daan mula palay sa bukid hanggang kanin sa hapag-kainan. Kikita na ang ating mga magsasaka sa value-adding, makikinabang pa ang ating mga konsyumer sa mas murang bigas. Kaya naman bukod sa mga production training, tinutulungan na rin ang mga grupo ng magsasaka na magkaroon ng kaalaman sa pagnenegosyo at pagpapalakas ng kanilang organisasyon.

Nasaksihan ng mahigit 75 na magsasaka ang paggamit ng walk-behind mechanical transplanter sa ceremonial crop establishment ng Palay Sikatan 2.0 sa Brgy. Ibangay Talim, Lucena City, Quezon. Tumanggap din ang bawat isa ng booklet na naglalaman ng rekomendasyon sa pag-aapply ng abono batay sa resulta ng Minus-One Element Technique sa kanilang lugar.

Sinabi ni Ambrosio Zeta Jr., farmer-cooperator, kung dati ay mahigit 100kg ng binhi ang kanyang nagagamit kada ektarya sa sabog-tanim, ngayon ay 40kg na lang.

Winika ni Cesar Repollo, farmer-cooperator.

"Napansin ko na mabilis makapagtanim dito sa mechanical transplanter. Dati, naisip ko na mahirap maghanda ng mga punla pero madali naman pala. Kaya sa susunod na taniman, gusto ko rin makagamit nito,"

BAYAN NG CUENCA,

Matagumpay na naideklara ang bayan ng Cuenca sa lalawigan ng Batangas bilang Stable Internal Peace and Security (SIPS) noong Ika-14 ng Agosto taong kasalukuyan.

Pinangunahan ang deklarasyon ni HON ALEXANDER M MAGPANTAY, Municipal Mayor ng Cuenca, Batangas kasama ang buong konseho ng Sangguniang Bayan, mga Punong Barangay, Sangguniang Kabataan at iba't ibang mga lingkod bayan na galing sa lokal na pamahalaan ng Cuenca at pribadong sector.

Kaalinsabay dito ang paglagda sa Memorandum of Understanding bilang bahagi ng Commitment of Support sa deklarasyon ng Stable Internal Peace and security (SIPS) sa pagitan ng lokal na pamahalaan ng Cuenca at Municipal Task Force to End Local Government Communist Armed-Conflict (MTF-ELCAC), ang

ICRC...

Matagumpay na nagsagawa ang International Committee of the Red Cross (ICRC) bilang pagdiriwang ng International Humanitarian Law (IHL), ng isang IHL dissemination session para sa mga tropa ng 74th Infantry Battalion sa kanilang headquarters sa Brgy. Siljagon, Mapanas, Northern Samar, noong Agosto 13, 2024

Nakatuon sa pagpapalawak ng pag-unawa at aplikasyon ng IHL sa hanay ng mga sundalo. Sa pamamagitan ng sesyong ito, layunin ng ICRC na matiyak na ang mga tropa ay may sapat na kaalaman tungkol sa mga batas ng armadong tunggalian, na mahalaga sa pagpapanatili ng dignidad ng tao at pagpigil sa mga negatibong epekto ng digmaan sa parehong mga kombatan at sibilyan.

Binigyang-diin ni Major Gaston C. Duyugen, Executive Officer ng 74th Infantry Battalion, ang kahalagahan ng pagsunod sa IHL sa mga operasyong militar. "Ang

FROM PAGE 1

Provincial DILG, Batangas Police Provincial Office, PRO4A at ang 59th Infantry Battalion, 2nd Infantry Division, Philippine Army.

Nagbigay ng mensahe ang butihing Mayor MAGPANTAY at kanyang ipinaliwanag na "Itong ay hindi gawa lamang ng LGU, hindi gawa lamang ng Area Police Command or PNP, hindi gawa lamang ng AFP, hindi gawa ng Mayor, kundi napagkaisahan at ginawa ng buong Cuenca dahil ang sabi nga, Ang Kaunlaran at Kagandahan ng bayan hindi lamang nakikita sa umaangat na estado ng buhay kundi kasama ang peace and order sa isang bayan". At sa mga kapitan ng bayan ng Cuenca, inihayag ni Mayor Magpantay ang kahalagahan ng kanilang tungkulin lalo sa mga barangay na nasa laylayan katabi ng ibang bayan upang magbantay at mapanatili o masustain ang SIPS sa bayan ng Cuenca. (Angelyn Luzano/DPAO)

FROM PAGE 1

aming pangako sa pagpapanatili ng mga prinsipyo ng IHL ay pangunahing bahagi ng aming misyon. Ang kaalamang ibinahagi ng ICRC ngayong araw ay nagpapatibay sa aming dedikasyon sa makatarungan at etikal na pagkilos sa lahat ng aming operasyon.

Suportado ng Philippine Red Cross (PRC) team, sina Eliza Ventilacion at John Paul Otic bilang mga kinatawan, ang kaganapan. Ang kanilang presensya ay nagpapakita ng kolaboratibong pagsisikap sa pagitan ng ICRC at PRC sa pagtataguyod ng mga prinsipyo ng makataong pagtugon at pagbibigay ng mahalagang suporta sa mga apektado ng tunggalian.

Binanggit ni Mr. Von Ryan Gustilo, ICRC Generalist Field Officer, ang papel ng IHL sa pagbawas ng mga makataong epekto ng armadong tunggalian.

(Nelson Dimapilis/Pau Dela Cruz)

Magallanes, Cavite, Ipinagdiwang ang Ika-unang Anibersaryo ng Deklarasyon Bilang Stable Internal Peace and Security

Matagumpay na idinaos ang selebrasyon ng ika-unang taong anibersaryo bilang unang bayan ng Magallanes, Cavite na ginawaran ng Stable Internal Peace and Security (SIPS), noong Ika-12 ng Agosto taong kasalukuyan.

Matatandaan natin na ang bayan ng Magallanes ay ang una at nag-iisang bayan ng lalawigan ng Cavite na idineklarang mayroong Stable Internal Peace and Security sa taong 2023.

Pinangunahan ni HON JASMIN ANGELLI MALIGAYA-BAUTISTA, Municipal Mayor ng Magallanes, Cavite kasama ang buong Sangguniang Bayan, mga Punong Barangay at iba't ibang mga lingkod bayan na galing sa lokal na pamahalaan ng Magallanes.

Kaalinsabay dito

ang muling paglagda sa Memorandum of Understanding bilang bahagi ng Renewal of Commitment to Stable Internal Peace and security (SIPS) sa pagitan ng lokal na pamahalaan ng Magallanes at Municipal Task Force to End Local Government Communist Armed-Conflict (MTF-ELCAC), ang DILG, Cavite Police Provincial Office, PRO4A at ang 59th Infantry Battalion, 2nd Infantry Division, Philippine Army.

Sa nasabing programa, nag-iwan naman ng mensahe si Colonel Ronald Jess Alcudia, Deputy Commander ng 202nd Brigade, aniya, para sa mga kabataan na gustong umakyat sa kanayunan, nawa'y umakyat sila sa kanayunan to Serve the People sa tamang paraan, hindi sa armadong pakikibaka. (Nelson Dimapilis/DPAO)



DERETSAHAN WEEKLY PUBLISHING

Editorial Office

Business Office : #025 Coastal Green St., P. F. 1 Espiritu, Bacoor City Cavite

Mobile No. ----- 09365035056

Email ad: deretsahan2024@gmail.com

EDITORIAL BOARD

Publisher : Nelson A. Dimapilis

Editor-In-chief : Kevin Pamatmat

Marketing Manager : Pau Dela Cruz

Circulation Manager : Christina Mercado

Lay Out Artist : Danica Mar G. Cardifio

Senator Bong Go, Pinarangalan Bilang Adopted Son ng Alfonso, Cavite, at Naghatid ng Tulong sa mga Residente



By: Edjun Mari-posque

Alfonzo, Cavite — Ipinakita ni Senator Bong Go, ang Chairperson ng Senate Committee on Health, ang kanyang dedikasyon sa paglilingkod sa mga mamamayan ng Alfonso, Cavite, sa kanyang personal na pagbisita noong Agosto 12, 2024. Isinagawa niya ang inspeksyon sa itinatayang Super Health Center at Evacuation Center, mga proyektong kanyang sinuportahan upang mapalapit ang serbisoyang medikal at pangkaligtasan sa mga taga-Alfonso.

Bilang pagkilala sa kanyang walang sawang pagseserbisyo, iginawad ng Sangguni-

ang Bayan ng Alfonso ang Resolution No. 110 Series of 2024, na kumikilala kay Senator Bong Go bilang isang "Adopted Son" ng bayan. Si Mayor Randy Salamat, kasama ang buong lokal na pamahalaan, ay nagpahayag ng kanilang taos-pusong pasasalamat sa senador sa kanyang malaking ambag sa kanilang komunidad.

Sa kanyang talumpati, binigyang-diin ni Senator Go ang kahalagahan ng Super Health Center, na magsisilbing pangunahing pasilidad para sa mga medikal na pangangailangan ng mga residente, kabilang ang pre-natal checkups at maging ang panganganak. Bukas aniya ang kanyang

tanggapan para sa lahat ng mga nangangailangan ng tulong, dahil naniniwala siya na ang serbisyo sa kapwa ay serbisyo rin sa Diyos.

Hindi rin nakaligtaan ni Senator Go na purihin ang Pilipinong gymnast na si Carlos Yulo sa pagkakapanalo nito ng dalawang gintong medalya sa Paris Olympics. Nangako ang senador na kanyang tututukan ang mga pangangailangan ng mga atletang Pilipino upang higit na mapaangat ang kanilang moral at antas ng pamumuhay. Ikinadiamaya naman ni Sen. Go ang kawalan ng uniform ng 2 atleta sa Olympics at sinabi ang kahalagahan ng uniporme lalu na ang naka-

Manila Water Philippine Ventures and Canlubang Sugar Estate partner for 25-year Bulk Water Project



Manila Water Non-East Zone operating subsidiary Manila Water Philippine Ventures (MWPV) and Canlubang Sugar Estate (CSE) recently embarked on a 25-year partnership for a bulk water supply project which

aims to improve water access in more towns in Laguna.

A groundbreaking event was recently held in the Canlubang Golf and Country Club in Cabuyao, Laguna to celebrate the new partnership. The

P1.4-B Bulk Water Supply Project involves the rehabilitation of the Matang Tubig Spring (MTS) as water source and the construction of a 13-kilometer water transmission line that will connect the MTS Source Upper Box

kabit na flag ng Pilipinas. Kaya ito ay gusto niyang talakayin sa Senado.

Ang pagbisita ni Senator Go ay nag-iwan ng inspirasyon at pag-asa sa mga residente ng Alfonso, na nagpatibay ng kanilang tiwala sa kanyang liderato at malasakit sa kapwa Pilipino.

2ID, BINIDA SA PROGRAMANG "KAPIHAN SA BAGONG PILIPINAS" NG PIA CALABARZON ANG MGA HAKBANGIN SA KAPAY-APAAAN AT PAG-UNLAD

Itinampok ng Philippine Information Agency (PIA) CALABARZON ang programang "Kapihan sa Bagong Pilipinas" na ginanap sa 2nd Infantry "Jungle Fighter" Division (2ID) Camp Cap-

pinin, Tanay, Rizal noong Martes, Ika-13 Agosto, 2024.

Sa naturang kaganapan, binigyang-diin ang patuloy na pagsusumikap ng 2ID sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa rehiyon sa pamamagitan ng mga pananaw ni 201st Infantry "Kabalikat" Brigade (201Bde) Commander Brig. Gen. Erwin Alea at 202nd Infantry "Unifier" Brigade (202Bde) Commander Brig. Gen. Cerilo Balaoro Jr.

Ang aktibidad ay dinaluhan ng mga personalidad mula sa iba't ibang media outlets mula sa parehong rehiyon. Ang mga engagement na ito ay nagbigay ng pagkakataon upang ipakita ang mga pangunahing inisyatibo ng

2ID sa counterinsurgency operations, mga programa sa pag-unlad ng komunidad, at pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan, na ang lahat ay nakatuon sa pagtitiyak ng kaligtasan at kapakanan ng mga mamamayan sa buong Southern Tagalog.

Ang "Kapihan sa Bagong Pilipinas" ay bahagi ng mas malawak na pagsusumikap ng gobier- no upang ilapit ang mga serbisyo nito sa mga tao. Ang inisyatibang ito ay naglalayong makipag-ugnayan sa mga komunidad sa rehiyon sa makabuluhang mga dayalogo, ipinapakita ang mga tagumpay ng iba't ibang ahensya ng gobyerno habang inihahain ang mga plano para sa hinaharap.

(Nelson Dimapilis)



to the Laguna Wellfield Reservoir in LTI Annex, Biñan. The project will be constructed by MWPV's construction arm, Manila Water Infratech Solutions, and will be managed and operated by its operating unit, Estate Water. The MWPV-CSE

Bulk Water Supply Project aims to secure a more sustainable surface water supply compared to the typical groundwater sources. Over the next 25 years, Estate Water will supply 17 million liters of potable water from MTS daily to Laguna Water,

MWPV's concessionaire in the province of Laguna.

"We are committed to delivering this crucial project with unwavering integrity, efficiency, and a steadfast focus on enhancing the quality of life of customers within our

cont. on page 4

DEPARTMENT OF AGRICULTURE, NAMAHAGI NG HAND TRACTOR AT TRAN PLANTER SA PAGSANJAN, LAGUNA



Laguna — Matagumpay na naipamahagi ng Department of Agriculture (DA) - Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech) ang 12 hand tractors at 2 transplanter sa lokal na pamahalaan ng Pagsanjan bilang benepisaryo ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Mechanization Program noong Agosto 12, 2024 na ginanap sa Town Plaza.

Ang proyekto ay naging posible bunga ng pakikipagtulungan ng PHilMech sa alkalde na si Mayor Cesar V. Areza at ng Municipal Agriculture Office — OIC Elda Madriaga.

Layunin ng RCEF na tulungan ang mga magsasakang Pilipino na makipag sabayan sa mga karatig-bansa pagdating sa larangan ng pagsasaka. Sa pamamagitan ng mga makinaryang ipamahagi ng programa, inaasahang mapahuhusay ang sistema ng pagsasaka at ang kalidad ng serbisyo ng mga magsasaka.

Ang mga naturang benepisaryo ay ang mga lehitimo at rehistradong kooperatiba at asosasyon ng mga

magsasaka ng palay na may mga kasalukuyang aktibong miyembro. Ang kooperatiba at asosasyon ng magsasaka ay dapat samahang akreditado ng Kagawaran ng Pagsasaka.

Samantala, sa inisyatibo ng lokal na pamahalaan ng Pagsanjan, 3 mini garbage truck ang naipagkaloob sa Barangay Pinagsanjan, Sampaloc at Sabang upang mangolekta ng mga solid waste ng barangay at dalhin ito sa landfill, recycling center o transfer station.

Kasabay rin sa programa ang paggawad sa 32 na



mga bagong homeowners ng Core Shelter Association Program (CSAP) sa Barangay Dingin. (Shekinah Pamatmat)

CAYETANO...

yarin sa gobyerno.

Para maisagawa ang mga ito, bubuo ang DICT ng mga information and communications technology system, kabilang ang Records and Knowledge Management Information System na tututok sa mga programa at proyektong may kinalaman sa ICT.

Kasama ni Cayetano sa paghahain ng Committee Report ang mga co-author niyang sina Senator Christopher “Bong” Go, Juan Miguel

services more inclusive,” wika ni Cayetano.

Bawat opisina ng gobyerno ay magkakaroon ng E-Governance Unified Project Management Office (E-Gov-UP-MO) na tututok sa mga programa at proyektong may kinalaman sa ICT.

Kasunod ng pagkakahain ng Committee Report, dadaan sa deliberasyon ang panukalang batas sa mga susunod na plenary session.###

FROM PAGE 5

“Migz” Zubiri, Grace Poe, Jinggoy Estrada, Juan Edgardo “Sonny” Angara, Sherwin Gatchalian, Manuel “Lito” Lapid, Ramon Bong Revilla Jr., Mark Villar, Joseph Victor “JV” Ejercito, Joel Villanueva, at Loren Legarda.

Kasunod ng pagkakahain ng Committee Report, dadaan sa deliberasyon ang panukalang batas sa mga susunod na plenary session.###



Pointer

Pau Dela Cruz
MATAGUMPAY NA MAGICAL HEALTH CARAVAN NG ROTARY CLUB SA ANGONO, RIZAL: PAG-ASA AT KALUSUGAN PARA SA MGA BENEPISYARYO

Angono, Rizal- Isang natatanging araw ng pagdadamayang at pagsisilbi ng serbisyong pangkalusugan ang matagumpay na namang naisakatuparan ng Rotary Club District 3800 Zone 5B na ginanap nitong Agosto 3, 2024 sa Angono Gymnasium, Angono Rizal. Pag-asa at kalusugan para sa mga napiling Person with Disability , senior citizens at mga kababaihan ng Lalawigan ng Rizal. Nasa isang daan at walumpung lima (185) ang nabigyan ng tatlong klaseng serbisyo katulad ng Walk in services kung saan binigyan ang mga PWD ng mga wheel chairs, tungkod, quad cane, prosthesis foot. Para naman sa mga kababaihan ay ang breast at cervical examination at sa mga malalabo ang mata matanda man o bata mayroon silang Libreng salamin sa mata ayon sa grado ng paningin.

Ang Magical Health Caravan ay unang proyekto ng Rotary Club Angono na siyang nangunang at nagpasilidad sa ilalim ng pamumuno ni IP Zenaida S. Bacani kasalukuyang Presidente ng samahan. Sa tulong nina Past President Genna Santos, Rotary Club ng Baras at President Grace Morales ng Rotary Club ng Greater Pililia. Inihatid ng Physician For Peace Philippines sa pamamahala ni Rotary Club Past District Governor Lynne Abanilla, siyang rin Chief Operating Officer ng PFPP. ang mga serbisyong nabanggit sa mga nangangailangan nating kababayan at nag-ambag sa pagpapalaganap ng kalusugang pangkababaihan, pagbibigay ng paglinaw ng paningin at pag-asa sa mga PWD.

Ayon kay PDG Lynne Abanilla sila ay umiikot sa iba't ibang lugar ng ating bansa upang maghatid at magbigay ng mga serbisyong pangunahing pangangailangan ng mga PWD. Sa ibinigay na mensahe ni PP Noel L. Cuico, District Service Project Chairman ng The Rotary Magic RY 2024-25, binanggit niya na ito ay matagal nang isinasagawa ng Rotary Club at tuloy tuloy pa rin gagawin upang makapagbigay ng pagasa at kasiyahan sa mga PWD. Pinasalamatan din niya ang mga organizer, ang mga sponsors at mga ibat ibang grupo ng Rotary Club District 3800 Zone 5B. Sa pamamagitan ng pagkakaisa at dedikasyon, ang layunin ng mga Rotarians ay mabigyan ng agarang at abot-kayang solusyon ang mga pangunahing pangangailangan sa kalusugan ng mga komunidad. Kung kaya ang labing anim (16) na grupo ng Rotary Club District 3800 Zone 5B ay isang bigkis ng malasakit na naglilingkod sa bayan.

Lubos ang pasasalamat ng Pangulo ng Rotary Club Angono na si IP Zenaida Bacani kina Angono Mayor Jeri Mae E. Calderon at kay Vice Mayor Gerardo V. Calderon sa pagsuporta sa nasabing Aktibidad. Gayundin pinasalamatan niya si PDG Lynne Abanilla at ang buong kasama sa Physician For Peace Philippines. Binanggit din nya ang tulong sa pagpapasilidad nina DG Roberto Zamora, PP Noel Cuico, District Co- Chairman Genna Santos ng PWD and Elder Concern, at ang labing anim (16) na Pangulo ng iba't ibang grupo ng Rotary Club. Bagamat hindi na dumalo si Punong BarangayJoey Calderon ng Barangay San Isidro naglaan namab din siya ng tulong upang maipadama rin nya ang malasakit sa mga benepisaryo.

Nakipa at namahagi rin ng limampung (50) gift packs para sa mga benepisaryo ang RC Baras at ang sister club nito na Rotary Club ng Manila Premier District 3810 sa pamamahala ni Irresistible President Cathy Castillo. Nagpaunlak ng mensahe at serbisyo para sa mga kababaihan si Konsehala Dra Aurea B. Natividad, Chairperson ng Committee of Health and Sanitation ng Bayan ng Angono

SOFT OPENING NG 1ST INFANTREATS "ALWAYS FRESH" PASALUBONG SA INFANTA, QUEZON, PINANGUNAHAN NG 210 AT 118

Pinangunahan ni BGEN JOSE AUGUSTO V VILLAREAL, Assistant Division Commander, 2nd Infantry Division at ni LTC NOEL B WAMIL, Battalion Commander ng 1st Infantry “Always First” Battalion ang soft opening at blessing ng 1st InfantTreats “Always Fresh” Pasalubong na matatagpuan sa Brgy. Tongohin, Infanta, Quezon noong ika-13 ng Agosto at pangmatagalang kabuhayan.

Ang tindahang ito ay ipinagmamalaking pagmamay-ari at pinapatakbo ng Friend Rescued at mga miyembro ng CAGFU.

Ang milestone na ito ay isang simbolo ng pag-asa, empowerment, at ang makapangyarihang pagbabago na dulot ng suporta ng komunidad. Habang isinusulong ang mga lokal na produkto, nagtataguyod din ito ng paglago ng komunidad at pangmatagalang kabuhayan.

(Nelson Dimapilis)

DEFENSE ATTACHÉ NG SPAIN, PINARANGALAN NI GEN. BRAWNER

Ginawaran ni Armed Forces of the Philippines (AFP) Chief General Romeo Brawner Jr. ng Chief of Staff AFP Commendation Medal and Ribbon si outgoing Spanish Defense Attaché to the Philippines Colonel Javier Martin Gil para sa kanyang kontribusyon sa pagsulong ng magandang ugnayang pandepensa ng Pilipinas at España.

Ito’y sa isinagawang Courtesy Call ni Col. Gil kasama ang incoming Spanish Defense Attaché na si Colonel Santiago Martin Sanz sa AFP Chief kahapon sa Camp Aguinaldo.

Dito’y pinasalaman ni Gen. Brawner si Col. Gil sa kanyang mahusay na trabaho sa pagpapalawak ng kooperasyong pang-militar at bilateral defense engagements sa pagitan ng dalawang bansa.

Malugod namang tinanggap ni Gen. Brawner ang kapalit ni Col. Gil. na si Col. Sanz, at sinabing inaasahan niya ang patuloy na kolaborasyong pandepensa ng dalawang bansa para sa pagsulong ng kapayapaan at seguridad sa rehiyon.

(Pau Dela Cruz)

SENADO, GAGAWARAN NG SENATE MEDAL OF EXCELLENCE SINA CARLOS YULO, AIRA VILLEGAS, AT NESTHY PETECIO PARA SA KANILANG NATATANGING PAGGANAP SA 2024 OLYMPICS

Ito ang pinakamagandang performance ng Pilipinas sa nakalipas na isang daang taon ng pagsasagawa ng Olympics o mula 1924.

Inaprubahan ng Senado ang Senate Resolution No. 1097 bilang

pagkilala kay Olympic double gold medalist Carlos Yulo; Senate Resolution No. 1117 para kay bronze medalist Aira Villegas at Senate Resolution No. 1122 para kay bronze medalist Nesthy Petecio.

Sa bisa ng mga resolusyong ito ay gagawaran ang tatlo ng Senado ng Senate Medal of Excellence.

I n a a s a h a n namang sa Lunes ay personal na tatanggapin nina Yulo, Villegas at Petecio ang medalyang ibibigay ng Mataas na Kapulungan.

INAPROBAHAN NA NI DBM SECRETARY AMENAH PANGANDAMAN ANG PAGPAPALABAS NG KARAGDAGANG LIMANG BILYONG PISONG PONDO UPANG MABAYARAN ANG AREARS PARA SA MGA BENEPISYARYO NG 4PS NOONG NAKALIPAS NA TAONG 2023

Ang inaprubahang pondo, na manggagaling sa Fiscal Year (FY) 2023 Continuing Appropriations , ay gagamitin para sa mga arrears ng FY 2023 4Ps grants mula sa deactivation/suspension ng tinatayang 703,888 households na 4Ps beneficiaries.

Binigyang-diin din ni Secretary Pangandaman ang kahalagahan ng pag-apruba ng pondo, aniya, ay upang maipagpatuloy ng DSWD ang pamimigay ng tulong sa mga mahihirap nating kababayan.

Magugunitang

PANUKALANG LAYONG TULUNGAN ANG MGA MAG-AARAL NA HIRAP SA BASIC SUBJECTS, NIRATIPIKAHAN NA NG SENADO

Niratipikahan na ng Senado ang Bicameral Conference Committee report ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program bill.

Ayon kay Senate Committee on Basic Education Chairperson Senator Sherwin Gatchalian, isusulong ng panukala ang pagkakaroon ng mga sistematikong tutorial sessions, pati na rin ng intervention plans, at learning resources para matugunan ang learning loss.

Ayon sa mambabatas, makatutulong ang panukalang batas upang tugunan ang krisis na kinakaharap ng bansa sa edukasyon, bagay na sinasalamatin ng performance ng Pilipinas sa mga international large-scale assessment gaya sa

2022 Program for International Student Assessment (PISA) kung saan mababa ang naging marka ng Pilipinas pagdating sa Reading, Mathematics, at Science.

Sasaklawin ng ARAL Program ang essential learning competencies sa reading at mathematics para sa Grade 1 hanggang Grade 10, at science para sa Grade 3 hanggang Grade 10.

Bibigyan ng prayoridad ng naturang programa ang reading at mathematics para hasain ang critical at analytical thinking skills ng mga bata.

Para naman sa mga mag-aaral sa Kindergarten, tututukan naman ang pagpapatatag sa literacy at numeracy competencies.

(Nelson Dimapilis)

